# Jubileo: Lahat ay Pag-aari ng Diyos

**A Lord's Flock Worship Service Topic**

Ni:Rev. Fr. Peter Tieng

Pebrero 22, 2025

Ipinahayag ng Santo Papa, Pope Francis, na ang 2025 ay Taon ng Jubileo kung saan hinikayat niya ang mga Katoliko na ibalik ang kanilang pag-asa kay Kristo. May mga pista na gusto ng Diyos na ipagdiwang ng mga Israelita; ang isa ay ang Taon ng Jubileo.



**1. Ang mga pista ng mga Hudyo na gusto ng Diyos na ipagdiwang ng mga Israelita (Lev 23 at 25).**

1.1 Ang Sabbath ay araw ng pahinga sa ating pang araw-araw na gawain upang maalala natin na nilikha tayo ng Diyos, pasalamatan Siya sa Kanyang kabutihan at makapokus sa panunumbalik ng ating relasyon sa Kanya. Ang mga Katoliko ay nagdidiwang ng Sabbath o Araw ng Panginoon tuwing Linggo dahil Linggo muling nabuhay si Hesus.

1.2 Ang Selebrasyon ng Paskua ay naitatag para maipaalala sa mga Israelita ang ginawa ng Diyos para mailigtas sila sa pagka-alipin sa Ehipto. Sa konteksto ng Katoliko, Linggo ng Pagkabuhay ipinagdiriwang ang Paskua, araw kung saan nanalo si Hesus para sa ating kaligtasan.

1.3 Ang Pista ng Pag-aani ay bahagi ng pagdiriwang sa Pentekostes kung saan inaalala ang unang bunga ng bukirin na inihahandog sa Diyos, na nagpapakita na ang lahat ng ani ay pag-aari ng Diyos. Sa ngayon, ang Pentekostes ay ipinagdiriwang makalipas ng 50 na araw pagkatapos ng Linggo ng Pagkabuhay. Kaya, ialay natin ang ating sarili bilang bunga ng ating kaligtasan na ipinanalo ni Hesus para sa atin.

1.4 Ang Pista ng Pagbabayad-sala ay paalala na tayo ay makasalanan, ngunit ang Diyos ay Diyos na nagpapatwad. Iniuugnay ang pistang ito sa paanyaya ng Diyos na maki-isa tayo sa Kanya sa pamamagitan ng pakikipagkasundo.

1.5 Ang Taon ng Pamamahinga ay ginagawa tuwing ika-pitong taon sa ilalim ng batas ni Moses gaya ng "sabbath" kung saan ang lupain ay pagpapahingahin at huwag tatamnan (Lev. 25).

1.6 Nabanggit ang Taon ng Jubileo sa kasaysayan at sa Bibliya (Lev. 25:10). Sa Lumang Tipan, bahagi ng pagdiriwang ang pagpapalaya sa mga alipin at bilanggo at pagpapatawad ng utang bilang pagpapadama sa awa ng Diyos. Sa tradisyon ipinapahayag ng Pangkalahatang Simbahan na tuwing sasapit ng ika-25 na taon, ito ay banal na taon ng pagbabago, pagmumuni-muni, at biyaya. Naparito si Hesus para tuparin ang pangako na tutulungan Niya ang mga nangangailangan (Isa. 61:1-2). Tayo ang mga nangangailangan; sa materyal at sa espiritwal kailangan natin ang Diyos.

2. Ang **Jubileo 2025** na may temang "**Manlalakbay ng Pag-asa**" ay taong itinangi para mahikayat ang mga mananampalataya na magsimulang maglakbay sa mga banal na lugar, makipagkasundo at magpokus sa espiritwal na buhay. Gusto ng Santo Papa na magkaroon tayo ng pag-asa at maging tanda ng pag-asa sa kapwa:

- sa mga bilanggo
- sa mga bata
- sa mga maysakit
- sa mga migrante
- sa mga matatanda
- sa mga milyon-milyong mahihirap na tao

**Konklusyon:** Ang ating buhay at ang lahat na nasa atin ay pag-aari ng Diyos. Siya ang may kontrol. Ipinagdiriwang natin ang mga pista na ipinahayag ng Diyos sa Lev. 23 at 25 para ipaalala sa atin ang lahat ng nagawa ng Diyos para sa atin. Ang mga pagdiriwang na ito ay para pasalamatan natin lagi ang kabutihan ng Diyos.

**Pagninilay**:

1. Paano ka tumugon sa tawag ng pagtulong at pagbigay ng pag-asa sa mga nangangailangan sa Taon ng Jubileo 2025?
2. Paano ka magplano para maging makahulugang espiritwal ang Taon ng Jubileo?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Jubileo #pag-asa